2024-99729

DA 2024-06-070
DEPED MALAYBALAY CITY DIVISION
RELEASED
14 JUN 2024
Date:
By:

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**REGION X - NORTHERN MINDANAO**
**DIVISION OF MALAYBALAY CITY**

**PANSANGAY ADBAYSORI Blg. 070, s. 2024**
**Hunyo 14, 2024**

Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order No. 8, s. 2013,
Ang adbaysoring ito ay hindi pag-eendorso.
Ayon naman sa DO No. 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal at kawani
ng Kagawaran ng Edukasyon at ng mga mamamayan.
(Bisitahin ang r10.deped.gov.ph)

# DULA TAYO: PAGSULAT NG DULANG TANDEM /DUO, SANAYSAY NG TAON 2024, AT NOMINASYON SA DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2024

Binuksan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang **lahok sa Pagsulat ng Dulang Tandem / Duo, Sanaysay ng Taon 2024, at nominasyon sa Dangal ng Wikang Filipino**.

Atensyon sa mga interesadong kalahok, **ang mga tuntunin** sa paglahok at ibang detalye sa pagsusumite ay nakalakip sa Adbaysoring ito.

Dahil ang paglahok sa gawaing ito ay boluntaryo lamang, makabubuting sundin ang DepEd Order No. 9, s. 2005 na pinamagatang Instituting Measures to Increase Engaged Time - on - Task and Ensuring Compliance therewith, Republic Act. No.5546 (section 3- Policy on Contribution), at ang mga kautusang pangkalusugan at pangkaligtasan mula sa Department of Health (DOH).

Hinihiling ang mabilisan at malawakang pagpapalaganap ng Adbaysoring ito.

Kalakip : Gaya ng nakasaad
Ilagay sa Palagiang Talatuntunan
Sa ilallim ng sumusunod na paksa:

LEARNING AREA, FILIPINO CONTESTS

CID/mcsreyes

Address: Sayre Hi-way, Purok 6, Casisang, Malaybalay City
Telefax No.: 088-314-0094; Telephone No.: 088-813-1246
Email Address: malaybalay.city@deped.gov.ph

21 93 0060

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. X
RELEASED
3049
By: Date:
24-119121

Panrehiyong Adbaysori Blg. 031, s. 2024
Hunyo 7, 2024
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order No. 8, s. 2013,
ang adbaysoring ito ay hindi pag-eendorso.
Ayon naman sa DO No. 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal at kawani
ng Kagawaran ng Edukasyon at ng mga mamamayan.
(Bisitahin ang *r10.deped.gov.ph*)

**DULA TAYO: PAGSULAT NG DULANG TANDEM/DUO, SANAYSAY NG TAON 2024, AT NOMINASYON SA DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2024**

Binubuksan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang lahok sa Pagsulat ng Dulang Tandem/Duo, Sanaysay ng Taon 2024, at nominasyon sa Dangal ng Wikang Filipino.

Ang mga tuntunin sa paglahok at ibang detalye sa pagsusumite ay nakalakip sa Adbaysoring ito.

Dahil ang paglahok sa gawaing ito ay boluntaryo lamang, makabubuting sundin ang DepEd Order No. 9, s. 2005 na pinamagatang *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance therewith*, Republic Act No. 5546 (Section 3 - Policy on Contributions), DepEd Order No. 66, s. 2017 (Policy on Off-Campus Activities), at ang mga kautusang pangkalusugan at pangkaligtasan mula sa Department of Health (DOH).

Hinihiling ang mabilisan at malawakang pagpapalaganap ng Adbaysoring ito.

Kalakip.: Gaya ng nakasaad
Ilagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng sumusunod na paksa:

LEARNING AREA, FILIPINO CONTESTS

CLMD/mand

## Re: Mula sa Komisyon sa Wikang Filipino

kwf press release <kwf.pressrelease@kwf.gov.ph>
Tue 5/21/2024 8:44 AM
To:DEPED X NORTHERN MINDANAO <region10@deped.gov.ph>

2 attachments (221 KB)
**Sumali sa SANAYSAY NG TAÓN 2024!**.docx; **Sumali sa SANAYSAY NG TAÓN 2024!**.jpg;

24-117593
DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. X
MAY 21 2024
1:54

On Tue, May 21, 2024 at 8:43 AM kwf press release <kwf.pressrelease@kwf.gov.ph> wrote:

> On Tue, May 21, 2024 at 8:43 AM kwf press release <kwf.pressrelease@kwf.gov.ph> wrote:
>
>> On Tue, May 21, 2024 at 8:43 AM kwf press release <kwf.pressrelease@kwf.gov.ph> wrote:
>>
>>> On Tue, May 21, 2024 at 8:43 AM kwf press release <kwf.pressrelease@kwf.gov.ph> wrote:

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO • 1991 •

# DULÂ TÁYO: PAGSULAT NG DULANG TANDEM/DUO

Ang Dulang Tandem/Dou ay tawag sa anyo ng maikling dula na may iisang yugto, tagpuan, tunggalian, at isinasadula ang isang maliwanag na banghay o daloy ng kuwento. Tinatawag itong Dulang Tandem/Duo dahil umiikot lamang ang kuwento sa mga diyalago ng dalawang tauhan. Ito ay timpalak na itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino para sa Buwan ng Wika.




**Halina at lumahok sa DULÂ TÁYO: PAGSULAT NG DULANG TANDEM/DUO!**

Tuntunin:

1. Ang Dulang Tandem/Dou ay tawag sa anyo ng maikling dula na may iisang yugto, tagpuan, tunggalian, at isinasadula ang isang maliwanag na banghay o daloy ng kuwento. Tinatawag itong Dulang Tandem/Duo dahil umiikot lamang ang kuwento sa mga diyalago ng dalawang tauhan.
2. Ito ay timpalak na itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino para sa Buwan ng Wika. Pakikiisa ito ng KWF sa pagdiriwang ng UNESCO International Decade of the Indigenous Languages (IDIL) 2022-2032, at ng SDGs Manila ResiliArt EarthSaving Event (sa ilalim ng UNESCO patronage) sa pangunguna ng International Theater Institute (ITI)-Philippines Center.
3. Bukás ang timpalak sa mga Pilipinong edad 18 pataas, maliban sa mga opisyal at kawani ng KWF at kanilang mga kaanak.
4. Ang lahok ay nakasulat sa wikang Filipino at orihinal na gawa ng may-akda; hindi pa nagagawaran ng parangal, hindi pa naisusumite sa ibang timpalak o publikasyon, hindi pa naililimbag, at hindi rin salin mula sa ibang wika.
5. Hindi patatawarin ang sinumang mahuhuling nagplahiyo. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.
6. Ang paksa ay "Mga Wikang Katutubo Bilang Kasangkapan sa Pambansang Pag-uswag at Pakikipagkapuwa."Gamítin ang Arial (font), 12 (font size), 1.5 (spacing) at A4 (súkat ng papel) bílang format ng isusumiteng lahok.
7. Ang isusumiteng monologo ay hindi lalampas sa 20 pahina at kung itatanghal ay hindi lalampas sa 20 minuto.
8. Kinakailangang walang taglay na anumang pagkakakilanlan ng may-akda ang kopya ng lahok. Tanging pamagat at sagisag-panulat lámang ang pinahihintulutan.
9. Isang entri lang ang maaaring ilahok ng indibidwal.
10. Lagyan ng kaukulang impormasyon ang Pormularyo ng Paglahok (https://tinyurl.com/yrexyhfy) at ilagay sa expandable envelope ang sumusunod:
    - *Apat (4) na kopya ng kompiyuterisadong lahok
    - *Pormularyo ng Paglahok
    - *Curriculum vitae at/o bionote ng kalahok
    - *(1) isang 2x2 retrato ng kalahok
11. Ipadalá sa koreo at/o dalhin ang lahok sa:
    Lupon sa Dula Tayo: Dulang Tandem
    Komisyon sa Wikang Filipino
    2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
    San Miguel, Lungsod Maynila
12. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahok ay sa 7 Hunyo 2024, alas-5:00 ng hapon.
13. Ang tatlong mananalo ay tatanggap ng sertipiko at sumusunod na gantimpala na babawasan ng kaukulang buwis:
    Unang gantimpala, PHP10,000.00
    Ikalawang gantimpala, PHP7,000.00
    Ikatlong gantimpala, PHP5,000.00
14. Para sa pagmamarka, gagamitin ang pamantayan na:
    Banghay - 25%
    Gamit ng wika - 25%
    Karakterisasyon - 25%

Malikhaing pagsasanib ng paksa sa piyesa - 25%

15. Ang pasiya ng Lupon ng mga Hurado ay pinal at hindi na mababago.
16. Ang pangalan ng mga mananalo ay iaanunsiyo sa KWF Gabi ng Parangal sa 19 Agosto 2024.
17. Pára sa karagdagang detalye, mag-text o tumawag sa 0928-844-1349 o mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.



Ang **Dangal ng Wikang Filipino** ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal, samahán, tanggápan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino. Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal—laláki man o babae—samahán, tanggápan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang larang at/o disiplina.

**Nominasyon para sa Dangal ng Wikang Filipino 2024, bukás na!**

Tuntunin:

1. Ang Dangal ng Wikang Filipino ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal, samahán, tanggápan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino.

2. Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal—laláki man o babae—samahán, tanggápan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang larang at/o disiplina.

3. Pára sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taón. Pára sa mga samahán, tanggápan, ahensiyang pampamahalaán, at/o pribadong sektor, kinakailangang naitatag nang hindi bababâ sa limáng (5) taón.

4. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino sa iba't ibang larang at disiplina. (Kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba).

5. Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat mulâ sa labas ng KWF.

6. Pára sa nominasyon, ihanda ang sumusunod na kompletong dokumento:

*KWF Pormularyo ng Nominasyon https://docs.google.com/.../18av3X0HuW0Nmp9BQ3Xa6.../edit...
*Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina;
*Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán); at
*Mga pruweba sa katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino at/o alinmang katutubong wika sa bansa.

7. Ilagay sa isa o higit pang long brown envelop ang mga tinukoy sa bilang 6 at ipadala sa adres na nása ibaba:


Lupon sa Dangal ng Wikang Filipino 2024
Komisyon sa Wikang Filipino

2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Lungsod Maynila

8. Ang hulíng araw ng pagpapása at pagtanggap ng nominasyon ay sa 10 Hunyo 2024, 5:00 nh.

9. Ang tatanghaling Dangal ng Wikang Filipino 2024 ay tatanggap ng naturang gawad sa Araw ng Parangal sa 19 Agosto 2024.

10. Pára sa ibá pang detalye, mangyaring tumawag o mag-text sa 0928-844-1349, o magpadalá ng email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.


TAÓN 20
Ang **Sanaysay ng Taón** ay taunang timpalak ng KWF na naglalayong himukin ang mga natatanging mananaysay ng bansa, na ilahok ang kanilang mga akda. Ang paksâ ng sanaysay ay tungkol sa pag-aaral na naghahain ng manipestasyong anyuing lingguwistiko tungong preserbasyon ng mga katutubong wika ng Pilipinas.

**Sumali sa SANAYSAY NG TAÓN 2024!**

Tuntunin:

1. Ang Sanaysay ng Taón ay taunang timpalak ng KWF na naglalayong himukin ang mga natatanging mananaysay ng bansa, na ilahok ang kanilang mga akda.

2. Bukás ang timpalak sa lahat ng mga Pilipino, babae man o laláki, maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang kaanak. Gayundin, ang mga nagwagi ng limang beses bílang Mananaysay ng Taón na ituturing nang Hall of Fame ay hindi na rin kalipikadong lumahok.

3. Ang paksâ ng sanaysay ay tungkol sa pag-aaral na naghahain ng manipestasyong anyuing lingguwistiko tungong preserbasyon ng mga katutubong wika ng Pilipinas.

4. Kailangang nása wikang Filipino ang lahok, orihinal, hindi pa nailalathala, at hindi rin salin mulâ sa ibáng wika. Marapat na hindi ito magkukulang sa 15 páhiná at hindi rin hihigit sa 30 páhiná.

5. Bílang saliksik, kailangang sumusunod ang paraan ng pagsulat nitó sa mga tuntúning nakasaad sa KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat https://drive.google.com/.../1dtSDudFY72tdItkRZI4.../view....

6. Pára sa pagsusumite ng lahok, ilakip sa isang brown envelope ang sumusunod:

* Apat (4) na kopyang kompiyuterisadong lahok (Font 12, Arial), may dobleng espasyo, at may isang pulgadang palugit sa bawat gilid na nakaimprenta sa short bond paper na may súkat na 8 ½ x 11 pulgada;
*Soft copy (.doc format) ng lahok na nása USB;
*Kinakailangang magtataglay lámang ang ipadadalang lahok ng sagisag-panulat (pen name) na kailanman ay hindi pa ginamit, at walang kahit anong pahiwatig ng tunay na pangalan ng kalahok;
*Notaryo na nagpapatunay na orihinal ang lahok;
*Entri form https://drive.google.com/.../1dtSDudFY72tdItkRZI4.../view...;
*Curriculum vitae at/o bionote ng kalahok;
*(1) isang 2x2 retrato ng kalahok;
*Photocopy ng bálidóng ID; at

7. Ipadalá ang lahok sa:

Lupon sa Sanaysay ng Taón 2024
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Lungsod Maynila

8. Pára sa onlayn na pagsusumite, ihanda ang sumusunod na soft copy at isumite sa link na ito: https://forms.gle/vWTKUVrpi1sfgMSm9

*Kopya ng kompiyuterisadong lahok (.doc format). Gamitin ang font na Arial 12 pt, may dobleng espasyo, at may isang pulgadang palugit sa bawat gilid na nakaimprenta sa short bond paper na may súkat na 8 ½ x 11 pulgada. Kung makinilyado ang lahok, i-scan at isumite na naka-pdf format;
*Kinakailangang magtataglay lámang ng sagisag-panulat (pen name) na kailanman ay hindi pa ginamit ang ipinadalang entri at walang kahit anong pahiwatig ng tunay na pangalan ng kalahok;
*Notaryo na nagpapatunay na orihinal ang lahok;
*entri form;
*Curriculum vitae at/o bionote ng kalahok;
*2x2 retrato ng kalahok (.jpeg format); at
*kopya ng bálidóng ID (.jpeg format).

9. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahok ay sa 7 Hunyo 2024, 5:00 nh. Isasara din agad ang link para sa onlayn na pagsusumite ng lahok. Sa mga nagpadala ng lahok sa pamamagitan ng koreo sa hulíng araw, mag-email ng pruweba ng pagpapadala nitó sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph upang makonsidera sa paghihintay ng lahok. Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.

10. Makatatanggap ng kumpirmasyon ang mga nagsumite ng lahok (onlayn at nagpadala sa koreo) sa pamamagitan ng text message kung natanggap ng lupon.

11. Ang mga gantimpala ay ang sumusunod:

Unang gantimpala, PHP30,000.00 (net) at karangalang maging "Mananaysay ng Taón", medalya, at plake;
Ikalawang gantimpala, PHP20,000.00 (net) at plake;
Ikatlong gantimpala, PHP15,000.00 (net) at plake.

12. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.

13. Ang lahat ng mga natanggap na lahok ay hindi na ibabalik at angkin ng KWF ang unang opsiyon sa paglilimbag ng mga nagwaging akda.

14. Hindi patatawarin ang sinumang mahuhúling nagplahiyo. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.

15. Pára sa karagdagang detalye, mag-text o tumawag sa 0928-844-1349 o mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.